

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl Abril 2021



Diyos ng Himala

Ni Kiersten Paul



Nakaatas sa isang ina ang turuan ang kanyang mga anak. Ngunit, merong mga bagay na natuturo sa atin ng ating mga anak. Isa dito ay ang magkaroon ng pananampalataya kagaya ng isang bata.

"At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit. Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit." (Matthew 18:3-4).

Ang pananampalataya ng isang bata ay walang alinlangan o takot. Napakainosente nito at buo ang tiwala sa Panginoon at sa salita Niya. Ang pananampalataya ng isang bata ay puro at dalisay. Hindi ito nakikipagtalos kung bakit hindi ginawa ng Panginoon ang isang bagay. Mayroon itong tiwala sa kakayahan ng Panginoon na tuparin ang Salita Niya.

Hindi nag-aalinlangang manampalataya at maniwala ang bata pagdating sa milagro at kagalingan. Ang anak naming na si Caroline na apat na taong gulang pa lamang noon ay nag-boluntaryo na ipagdasal ang paa ng aking ina. Lumuhod siya sa lapag at inilapat ang kanyang maliit na kamay sa sumasakit na paa ng aking ina at nagdasal ng simpleng panalangin. Nakakapagtaka ba na gumaling ang paa ng aking ina?

Sa ating 'matagal' na na paglilingkod sa Panginoon, minsan dahil sa karanasan ng hindi nasagot na panalangin ay mas madali sa atin na magkaroon ng kakulangan sa pananampalataya upang protektahan ang sarili natin sa na mabigo. Ilan sa mga iniisip natin ay ang ideya na "Hindi kalooban ng Panginoon" o "May plano ang Panginoon sa karamdaman niya."

Tuwing nagbabasa tayo ng Bibliya, nagbibigay ito ng karagdagang pananampalataya na maniwa tayo sa binabasa natin. "Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo." (Mga Romano 10:17). Maniwala tayo na binayaran na Niya ang ating kagalingan kaya kalooban Niya na gumaling tayo. Sabi sa Isaias 53:5 "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."

Kamakailan lamang, gumaling ako sa isang labing-walong taong gulang na problema sa balikat na nai-pagdasal na ng maraming beses, at hindi gumaling. Habang nasa altar call ako na puno ng milagro, napagtanto ko na kailangan ko lang ay maniwala sa kung anong sinabi Niya sa salita Niya. Tinanggap ni Hesus ang latay upang ako ay magkaroon ng kagalingan at ang kagalingan ay akin; kailangan kong paniwalaan ito at tanggapin. Gustong ibigay ng Panginoon ito sa akin, ngunit nagkulang ako sa mala-batang pananampalataya.

Kagaya ng aking anak, na alam na pagagalangin ni Hesus ang aking ina, sana masabi din natin ang sabi sa Lucas 1:38 “mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita.”

Note: Si Keirstin Paul ay isang palangiti at mapagmahal na ina na gagawin ang lahat upang maging ilaw ng ebanghelyo, Sa kasulukuyan, naglilingkod siya sa Panginoon sa Barcelona, Spain kasama ang kanyang asawa na si Ryan at mga anak na sina Caroline at Monte. Anak siya ng misyoneryo na sina Monte and Dianne Showalter at lumaki sa Central America.

Siya ang Panginoon ng Himala

Ni Francisca Kear



Taimtim kong hinanap ang presensya ng Panginoon noong panahon ng aking matinding pagsubok. Mag-isa ako noon, at kahit hindi ako nakakapagsalita ng lengguwahe ng lupain, umiyak ako sa Panginoon upang humingi ng milagro. Sinagot Niya ako sa paraan na naramdaman ko ang pagbabago. Hindi ko alam na hinuhubog ako ng Panginoon upang maging buo sa loob at labas. “Ikaw ay Dios na gumagawa ng mga kagilagilalas: iyong ipinakilala ang kalakasan mo sa

gitna ng mga tao” (Mga Awit 77:14).

"Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. " (John 16:13).

Habang umiiyak ako sa Kanya, pinalaya Niya ako sa sakit at depresyon. Pero, mas high pa doon ang kailangan ko. Maraming beses na pakiramdam ko walang kabuluhan at pag-asa ang aking buhay- hanggang sa sinunod ko ang boses ng Panginoon. Sa pinaka-madilim na oras ng aking buhay, gumawa Siya ng milagro. Binalik Niya ako, at sabi ko, Oo, Panginoon, ang kalooban mo ang matupad.

Bilang panganay sa labing-dalawang magkakapatid, natutunan kong magtiwala sa milagrosong Panginoon sa pamamagitan ng aking ina. Lagi kaming nagdadasal bilang pamilya, at sinasabi niya sa amin na maging masunurin sa kalooban Niya. Bilang bata, nakita ko na sa pamamagitan ng pananampalataya ng aking ina, nagkaroon kami ng makakain. Maraming beses na wala kaming makain dahil wala kaming pambili. Nagdasal ang aking ina ng milagro sa Panginoon at sa susunod na araw, may pagkain na naghihintay sa labas ng aming pintuan. Natutunan kong ipagkatiwala sa Kanya ang mga maliliit na bagay at ibigay ang lahat ng kapurihan sa Kanya. Siya ang Panginoon ng milagro at hindi Siya minsan man nahuhuli.

Sa aking buhay, pinakita ng Panginoon sa akin ang Kanyang kapangyarihan. Hindi kayang

initindihin ng isang tao ang kapag Siya ang gumalaw. Ang Panginoon na pinagsisilbihan natin ay tapat at gusto din Niyang maging tapat tayo sa Kanya. Siya ang nagpapagaling sa ating mga karamdaman. Siya ang nagbibigay ng ating mga pangangailangan, tagapag-ligtas, kapayapaan, at ating kaligayahan. Siya ang simula at katapusan ng ating pananampalataya, Siya ang pumili at tumawag sa atin. Gagawin ba natin? Ako, oo; ikaw?

Kung hindi ka sigurado at nawawala ka sa mga nakikita at naririnig mo, balikan mo ang salita ng Panginoon. Magpatawad ka. Umiyak ka sa Panginoon. Gumawa ka ng altar ng panalangin. Gawin mo ang pinapagawa sa iyo ng Panginoon bago mahuli ang lahat.

“Siya ang iyong kapurihan, at siya ang iyong Dios, na iginawa ka niya nitong mga dakila at kakilakilabot na mga bagay, na nakita ng iyong mga mata.” (Deuteronomio 10:21)

Siya ang Panginoon ng himala at kababalaghan. Walang imposible sa Kanya. Nandito ako ngayon dahil sa milagro na ginawa Niya sa aking kaluluwa. Binuo Niya ako at pinakita sa akin na mayroon akong pag-asa at kinabukasan. May nagdasal, sinagot ng Diyos at niligtas Niya ako. Naniniwala ako na ang bawat luha ay panalangin na naghihintay na may milagrong mangyari. Ang kasagutan ay paparating.

Note: Si Francisca Kear ay lumipat galling sa Brazil papuntang USA sa 2001 at natutong mag-Ingles. Siya ay isang madasaling ina, asawa ng pastor sa Living Water Apostolic Church in Caribou, Maine.

Siya Pa Rin ang Diyos ng Himala

Ni Maci Pedigo



May mga nagsasabi na hindi na nangyayari ang himala ngayon. Hindi ako sang-ayon dito.

Maganda ang sinag ng araw noong Marso 28, 2011. Papunta kami ng Chicago para magbakasyon, ang aking kapatid na si Georgeon ang nagmamaneho, habang ang aking ama ay nasa harap ng sasakyan at kami ng aking ina ay nasa likuran.

Matagal-tagal na rin kaming nasa daanan noong biglang sumigaw ang aking ina ng “JESUS!”. Nakita ko ang pag-angat nga sasakyan sa daan ng paunti-unti. Pinikit ko ang aking mga mata at sinabayan ko si Mom na sumigaw ng “Jesus!” Naisip ko, “Gumugulong tayo! Ang tao namamatay kung gumugulong!”.

Habang nagbayahe sa highway, nabali ang axel kaya gumulong ng dalawang beses ang aming van papunta sa trapiko. Mabuti nalang yung mga gulong sa unahan ay naharangan ng steel cable, kaya bumagsak kami sa gitna. Naunang bumagsak sa driver’s side ang aming van kaya nakabitin kami ni Dad sa aming seatbelts. Pagkatapos masigurado na walang nasaktan, narinig namin ang hakbang ng mga tao sa gilid, at sa taas ng aming van. Nauna nilang hilain palabas si Dad tapos isa-isa kaming nilabas sa baul ng kotse.

Kumpleto kaming nakatayo at nakatingin sa wasak naming sasakyan. Habang nagpapasalamat kami sa Panginoon dahil pag-protekta Niya sa amin, may sumigaw ng pangalan ni Dad. Huminto ang banda na kilala bilang Royal Tailor. Kinarga nila ang aming mga gamit sa kanilang van at hinatid kami sa bahay ng aming pinsan. .

Pagkatapos kong mag-post ng mga larawan tungkol sa aksidente sa Facebook, isa sa mga babae sa simbahan ang nagpadala ng email kay Mom kung saan pinaliwanag niya ang kanyang napanaginipan anim na linggo na ang nakaraan. Nakita niya ang aming van na wasak. Nakita niya si Dad na nakabitin sa seatbelt sa harapan ng sasakyan, wala ng buhay. Ang nagmamaneho na hindi niya kilala ay lumingon sa kanya at nagsabi na "ipagdasal mo ang pamilya Pedigo." Agad siyang nagdasal kasama ang dalawang pang babae. Noong araw ng aming aksidente, nagmamaneho siya noong sinabihan siya ng Panginoon na ipagdasal kami. Tumabi siya sa daan, tinawagan ang dalawa niyang kasama at nagsimula silang magdasal para sa amin. Pareho ang oras kung kaian pinost ni Mom ang mga larawan sa Facebook at kung kalian siya sinabihan ng Panginoon na magdasal.

Anim na linggo bago ang aksidente, ginamit ng Panginoon ang panaginip upang may magdasal para sa amin ng proteksyon mula sa kamatayan. Kontrolado Niya ang lahat. Nagbigay pa Siya ng masasakyan at matutulugan pagkatapos ng aksidente.

Siya pa rin ang Diyos ng himala. Naririnig Niya ang ating mga dasal, maliit man o malaki, pareho lang lahat yun sa Kanya. Kagaya ng sabi Niya sa Jeremias 32:27, "Narito, ako ang Panginoon, ang Dios ng lahat na tao; may anomang bagay baga na totoong mahirap sa akin?"

Note: Si Maci Pedigo ay nagtapos sa Indiana Bible College at kasulukuyang nagsisilbi na Music Director at Administrative Assistant sa Haven of Hope in New Haven, Connecticut.

Mula sa editor



Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew

Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com

at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayrian ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (I Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).
-